

Ang mga umaabuso ay gumagamit ng dahas, panloloko o matinding pamimilit upang pilitin ang kanilang biktima na isagawa ang trabaho o aktong sekswal. Ang National Human Trafficking Resource Center ay nakatulong sa libo-libong tao humanap ng kaligtasan at serbisyo.

**1-888-3737-888**

[www.traffickingresourcecenter.org](http://www.traffickingresourcecenter.org)

---

**LIBRE • LIGTAS • SIGURADO**

---

Kung ikaw, o may kilala ka, na maaring biktima ng pagkakalakal ng tao, tawagin ang National Human Trafficking Resource Center

**1-888-3737-888**

**Kumpidensyal  
Gumagana 24/7  
Libre**

Kumuha ng serbisyo. Humingi ng tulong. Lihim na magsumbong. May mga magsasalin sa ibang lengwahe.

[www.traffickingresourcecenter.org](http://www.traffickingresourcecenter.org)



---

**metropolitan**<sup>™</sup>  
family services

LEGAL AID SOCIETY

---

HUMAN TRAFFICKING INITIATIVE

**MAGTULUNGAN  
TAYO TIGILIN ANG  
PAGKAKALAKAL  
NG TAO**

## Mga tanong para kilalanin ang pagkakalakal ng tao:

### KOMERSYAL NA AKTONG SEKSUAL:

- Gusto mo bang umalis sa iyong sitwasyon, ngunit takot ka at pakiramdam mo ay hindi ka makalaya?
- Ikaw ba ay sapilitang pinapagawan ng mga aktong seksual bilang kapalit ng pabor o kwarta?
- Ikaw ba ay niloko o nilinlang gumawa ng mga aktong seksual, dahil iba ang unang ipinangako sa iyo?
- Ikaw ba ay wala pang 18 anyos at ikaw ay pinipilit na ibenta ang iyong katawan?
- May utang ka ba sa ibang tao na hindi mo mabayaran?
- May pagbabanta ba laban sa iyo, pamilya mo, o sa ibang

tao, kung hindi mo ibebenta ang iyong katawan?

- May pang-aabusong pisikal o seksual na ginawa ba sa iyo?
- May kumuha ba ng iyong litrato, na ang iyong asta ay seksual, para ilagay ito sa internet?
- May kumukuha ba ng kabuuan o bahagi ng iyong sweldo?
- Ang mga dokumento o pasaporte mo ba ay tinatago ng iba?

### SAPILITANG PAGGAWA:

- May utang ka ba sa iyong amo o taga-recruit?
- Ang trabaho mo ba ay iba sa ipinangako sa iyo?
- Ang sweldo mo ba ay mas maliit kaysa ipinangako sa iyo?
- May pagbabanta laban sa iyo, kapwa manggagawa, o pa-

milya mo kung magreklamo ka o subukang lumayas sa trabaho?

- May pananakit o abusadong pananalita ba na nangyari habang nasa trabaho?
- Ang mga dokumento o pasaporte mo ba ay tinatago ng iba?
- May kumukuha ba ng kabuuan o bahagi ng iyong sweldo?
- Pwede ka bang umalis sa trabaho kung gusto mo?
- Ikaw ba ay pinagdamutan ng sapat na oras ng pagkain, pag-inom ng tubig, o pagpapahinga habang nasa trabaho?

**1-888-3737-888**

[www.traffickingresourcecenter.org](http://www.traffickingresourcecenter.org)